

## MGA PROGRAMA PARA SA PINAMURANG PAMASAHE NG THEBUS

Para maging kwalipikado para sa isang HOLO Card ng Pinamurang Pamasaha, dapat matugunan mo ang isa sa mga sumusunod na kinakailangan:

- **KABATAAN** edad 6-17 taon. Dapat magpakita ng sertipiko ng kapanganakan o valid na ID na nagpapakita ng petsa ng kapanganakan. Kabilang ang mga estudyanteng may edad hanggang 19 na taon na mayroong valid na high school ID o katunayan ng pag-enroll. Available ang mga card ng kabataan sa mga Satellite City Hall (maliban sa lokasyon ng Ala Moana Center) at sa Tanggapan ng Transit Pass.

[Form para sa Pamasaha ng Kabataan \(bersyong pdf\) \(online na pag-order\)](#)

- **SENIOR CITIZEN** edad 65 o mas matanda. Dapat magbigay ng valid na photo ID na may petsa ng kapanganakan gaya ng lisensya sa pagmamaneho, pagkakakilanlan o passport na ibinigay ng Estado.

Senior sa Kamaaina: Isang valid na lisensya sa pagmamaneho at State ID lang ang tinatanggap bilang katunayan ng paninirahan sa Hawaii.

Available ang mga HOLO card ng Senior sa mga Satellite City Hall (maliban sa lokasyon ng Ala Moana Center) at sa Tanggapan ng Transit Pass.

[Form ng Senior para sa Hindi Residente \(bersyong pdf\)](#)

[Form ng Senior para sa Kamaaina \(bersyong\) \(Online na Pag-order ng HOLO Card ng Kamaaina\)](#)

- **CARD NG MAY KAPANSANAN** Tingnan ang [Form ng Aplikasyon para sa May Kapansanan](#) para sa mga tagubilin, kinakailangan, at pagkumpleto. Kinakailangan ang valid na photo ID na ibinigay ng Gobyerno. Matatapos ang mga pinamurang pamasaha ng Pansamantalang Card ng May Kapansanan kapag natapos na ang iniresetang yugto ng panahon ng provider ng Pangangalagang pangkalusugan. Dapat i-renew ang Pangmatagalang Card ng May Kapansanan kada 4 na taon. Available lang ang mga HOLO card ng May Kapansanan sa Tanggapan ng Transit Pass ng Kahili.

Kamaaina na May Kapansanan – Isang valid na lisensya sa pagmamaneho sa Hawaii at State ID sa Hawaii lang ang tinatanggap bilang katunayan ng paninirahan sa Hawaii.

- **U.S. MEDICARE CARD** (pula/puti/asul) available para sa mga edad na mas bata sa 65. Dapat mag-apply ang may edad 65 at mas matanda para sa isang Holo card ng Senior. Dapat i-renew ang card kada 4 na taon. Kinakailangan ang [U.S. Medicare Form](#). Available lang ang HOLO card ng Medicare sa Tanggapan ng Transit Pass ng Kahili.
- U.S. Medicare para sa Kamaaina – Isang valid na lisensya sa pagmamaneho sa Hawaii at State ID sa Hawaii lang ang tinatanggap bilang katunayan ng paninirahan sa Hawaii.

[Form ng U.S. Medicare para sa Hindi Residente \(bersyong pdf\)](#)

[Form ng U.S. Medicare para sa Kamaaina \(bersyong pdf\)](#)

- Ang **THEHANDI-VAN** na HOLO Card ay para sa mga kwalipikadong pasaherong bumibili ng pass sa bus o gumagamit ng stored value sa pinamurang rate. Hindi dapat lumampas ang TheHandi-Van na HOLO Card na bus pass sa pagiging kwalipikado sa TheHandi-Van.
- **CARD PARA SA MAY MABABANG SAHOD** Kinakailangan ang inaprubahang aplikasyon. Nakabatay ang panahon ng pagiging kwalipikado sa taon ng pananalapi; Hulyo – Hunyo ng susunod na taon.

Pakitandaang dapat ay may kasamang isang valid na photo ID na ibinigay ng Gobyerno na may petsa ng kapanganakan ang lahat ng dokumentasyon.